



ULAT

(ISSN-0116-9149)

GITNANG LUZON

Entered as second class mail matter at San Fernando, Pampanga Post Office . 30 May 1989, Permit No. 70



BINHI AWARDEE
Agricultural Newsletter
of the year 1989, 1990



Grand Organic Week,
naging matagumpay

Extension support,
education and
training services, lalong
pag-iibayuhin sa 2015

AFMECH Law, isang susi
sa ASEAN integration

DA-RFO-III KEY OFFICIALS

Andrew B. Villacorta
DVM, CESO III
Regional Director

Crispulo G. Bautista Jr.
Regional Technical Director
for Operations and Extension

Atty. Jennilyn M. Dawayan
Regional Technical Director
for Research and Regulatory,
Admin and Finance

Benjamin M. Baltazar
Chief,
Operations Division

Amelda T. Santos
Chief, Administrative
and Finance Division

Dr. Eduardo L. Lapuz, Jr.
Chief, Regulatory Division

Edwin P. Paningbatan
OIC-Chief PMED

Dr. Irene M. Adion
Chief, Research Division

EDITORIAL BOARD

Felicito B. Espiritu, Jr.
Editor-in-chief

Ozanne Ono D. Ocampo
Mark Erron H. San Mateo
Writers

Mark Anthony Manalastas
Anthony David
Contributors

Jonnell T. Castillo
Layout Artist

Ma. Socorro S. Pangilinan
Circulation

Dianne M. Lapuz
Photographer

For more information visit us at:

www.rfu3.da.gov.ph

or at

 Department of Agriculture
Central Luzon

or e-mail us at:

da_rfu3@yahoo.com



Nilalaman

- 3** Magpasalamat
- 4** Gitnang Luzon
bida sa agrikultura
- 5** Five CL bets win
2014 Gawad Saka
- 6** AFC's sa Rehiyon, handa na
sa ASEAN integration
- 7** Grand Organic Week,
naging matagumpay
- 8** National Rice Awareness Month,
ipinagdiwang
- 9** Radio program ng DA-RFO 3,
wagi sa Binhi Awards
- 10** Extension support, education
and training services, lalong
pag-iibayuhin sa 2015
- 11** Farmers benefit from 5.2 million
FMR projects in Nueva Ecija
- 15** AFMECH Law, isang susi sa
ASEAN integration
- 17** Ang bagong bigas
- 18** Magpapalay sa Nueva Ecija,
wagi sa Gawad Saka
- 21** Pag-aalaga ng Patola

EDITORIAL

Magpasalamat

Kasabihan ng mga matatanda: Upang gumanda ang pananaw sa buhay, iyong tingnan lamang ang mga magagandang bagay. At sa nagdaang 2014, napakaraming magagandang bagay ang nangyari sa Gitnang Luzon at sa Regional Field Office 3.

Una na riyan ang pagkakaroon ng record-breaking na ani ng rehiyon noong 2014. Sa kauna-unahang pagkakataon, umabot sa 5.25 metric tons ang average yield per hectare ng rehiyon na siyang pinakamataas sa kasaysayan ng pagpapalay sa Gitnang Luzon. Dahil dito, muli na namang napatunayan ng rehiyon ang pagiging Rice Granary of the Philippines.

Dapat natin itong ipagpasalamat.

Bukod dito, nariyan din ang pagkapanalo ng limang kalahok ng rehiyon sa Gawad Saka Awards 2014. Ito ay sina Eulogio Cabilles ng San Manuel, Tarlac bilang Outstanding Corn Farmer, Andy de Belen ng San Ildefonso, Bulacan bilang Outstanding Large Animal Raiser, Emily Soriano ng Tarlac City, Tarlac bilang Outstanding Agricultural Researcher, ang San Antonio RIC Barangay Food Terminal ng Muñoz, Nueva Ecija bilang Outstanding Barangay Food Terminal at si Gerardo Esteban ng Laur, Nueva Ecija bilang Outstanding Integrated Rice Farmer. Si Ka Gerardo ang kauna-unahang taga-Gitnang Luzon na kinilala bilang Outstanding Integrated Rice Farmer.

Dapat natin itong ipagpasalamat.

Isa rin sa mga nagwaging taga-Gitnang Luzon noong nakaraang taon ay si Nyah Aubrie Magtoto na isang elementary student mula sa Minalin, Pampanga. Itinanghal na National Winner si Nyah sa On-the-Spot Mosaic-Making Contest noong Oktubre, kaugnay ng pagdiriwang ng World Food Day na may temang Family Farming: Feeding the World, Caring for the Earth.

Dapat natin itong ipagpasalamat.

Higit sa lahat, isa sa mga pinakamahalagang nangyari noong 2014 ay ang pagpapatupad ng Regional Field Office 3 ng Rationalization Plan na patas na patas. Sa ilalim ng Rationalization Plan, o mas pinaikli na Rat Plan, na-promote ang ilang mga permanent employees at na-permanent ang ilang mga contractuales.

Dapat itong ipagpasalamat.

Marami tayong dapat ipagpasalamat dahil sa magagandang karanasang inani natin noong 2014. Ngayon sa pagpasok ng 2015, nawa ay simulan muli nating magtanim ng kababaang-loob, katapatan at kagalingan nang sa gayon ay maging kasiya-siya muli ang ating aanihin. Mula noon hanggang ngayon at maging hanggang sa mga susunod na taon, makakasama ng bawat Pilipino ang Kagawaran ng Pagsasaka sa pag-abot ng kasapatan sa pagkain at ng pag-unlad ng buhay ng bawat magsasaka natin.



Dr. Andrew B. Villacorta
CESO III
Regional Executive Director

Pitak ng Direktor

Gitnang Luzon bida sa agrikultura!

Sa ikalawang pagkakataon, sa mahigit na dalawang dekada ng pagbibigay parangal sa mga natatanging magsasaka sa taunang timpalak ng Gawad Saka, tatlong magsasaka, isang Barangay Food Terminal at isang agricultural researcher sa pambansang lebel ang nagmula sa Gitnang Luzon.

Ang mga nagsipagwagi biang national awardees ay sina Gerardo C. Esteban ng Laur, Nueva Ecija sa kategoryang Outstanding Integrated Rice Farmer; Eulogio V. Cabiles ng San Manuel, Tarlac sa kategoryang Outstanding Corn Farmer; Arcadio F. de Belen ng San Ildefonso, Bulacan sa kategoryang Outstanding Large Animal Raiser; Sa Antonio Barangay Council ng Science City of Muñoz, Nueva Ecija sa kategoryang Outstanding Barangay Food Terminal (LGU managed); at Emily A. Soriano ng Tarlac sa kategoryang Outstanding Agricultural Researcher.

Dimansabihin, malaking karangalan ang pambansang pagkilala na ito sa mga natatanging magsasaka sa Gitnang Luzon. At tunay

na ipinagmamalaki sila ng Department of Agriculture RFO III.

Patuloy na umaani ng karangalan ang Gitnang Luzon sa larangan ng pagpapalay, nang sa ikatlong taon ng pagbibigay parangal sa Agri-Pinoy Rice Achievers para sa taong 2013.

Muling nakamit ng mga lalawigan ng Nueva Ecija at Bulacan ang karangalan bilang “Outstanding Rice Achievers” sa bansa. Samantala, siyam na bayan mula sa Gitnang Luzon ang pinarangalan din bilang “Outstanding Municipal Rice Achievers”. Pinangungunahan ito ng mga bayan ng Sto. Domingo, Cuyapo, Llanera, Guimba, Talavera, Sta. Rosa, Gen. Tiño at San Jose City sa lalawigan ng Nueva Ecija at ang bayan ng San Rafael sa Bulacan.

Sa pagtatapos ng taon ay naka-ambag tayo ng mga 19.8 porsiyento sa pagpapalayan sa bansa. Mula sa kabuohang ani ng palay sa Gitnang Luzon noong 2013 na 3.4 milyong tonelada, umangat ito sa 3.7 milyong tonelada.

Bukod sa palay, nagpakita din ng positibong

pag-angat ang ilan sa mga pangunahing produktong pang agrikultura ang Gitnang Luzon.

Sa maisan, umani tayo ng 240,870 metriko tonelada mula sa 227,765 ani ng nagdaang taon. Mas mataas ng 5.75 porsiyento kaysa ani ng 2013.

Maipagmamalaki rin natin na sa buong bansa ay pumangalawa ang Gitnang Luzon sa pinagkukuhanan ng lowland vegetables at nagpakita ng pag-angat ng ani ng sibuyas, okra, ampalaya at string beans.

Nanatili naman ang magandang produksyon ng mga karne ng baboy, tupa at kambing.

Upang lalong mapalakas ang organikong agrikultura, nakapagtayo tayo ng mga pasilidad at nakapagbigay ayuda kagaya ng dalawang tissue culture laboratories, tatlong clonal garden, tatlong scion grove, tatlong bio-mixing plants at tatlong hatcheries.

Sa sipag at tiyaga ng bawat magsasaka sa Gitnang Luzon ay walang duda makakamit natin ang minimithing kasapatan sa pagkain at pag-angat ng kita ng bawat isa!

NEWS



Five CL bets win 2014 Gawad Saka

Central Luzon bets have bagged awards at the National Gawad Saka 2014 held at the Philippine International Convention Center (PICC) last November 18.

The Gawad Saka is an annual contest aimed to recognize farmers, fisherfolks, livestock raisers and farmers' and fisherfolks' groups who have excelled and made significant contributions in enhancing the development of the agriculture and fishery sector in their respective communities and in the country.

The winners from the region were: Gerardo C. Esteban of Laur, Nueva Ecija as Outstanding Integrated Rice Farmer; Eulogio V. Cabiles of San Manuel, Tarlac as Outstanding Corn Farmer; Arcadio F. de Belen of San Ildefonso, Bulacan as Outstanding Large Animal Raiser; San Antonio Barangay Council of Science City of Munoz, Nueva Ecija as

Outstanding Barangay Food Terminal (LGU managed); and Emily A. Soriano of Tarlac as Outstanding Agricultural Researcher.

Eulogio Cabiles, this year's outstanding corn farmer from Tarlac gave the impression in behalf of the awardees. He said he only wished to increase his farm production so that he can provide more food for his family, but with the help from the Department of Agriculture, he did not only improve his production but he was also given the most coveted award and recognition for his efforts.

“Napakalaking karangalan na mahirang bilang National Gawad Saka Outstanding Corn Farmer. Ni minsan ay hindi pumasok sa isipan ko na darating ang pagkakataon na ito. Ang tanging nais ko lamang ay umani ng marami at maitaguyod ang aking pamilya. Kaya maituturing ko na bonus na lamang ang pagkilala sa akin ng Kagawaran ng

Pagsasaka bilang National Outstanding Corn Farmer.” said Cabilles, outstanding corn farmer awardee.

“Nais ko rin pong magpasalamat sa buong pwersa ng DA RFO 03, kina Director Andrew Villacorta, RTD Cris Bautista, RTD Jennilyn Dawayan at kay Mr. Edwin Paningbatan. Maraming salamat po sa tiwala, suporta at gabay na inyo pong taos-pusong iniaabot sa mga tulad kong magsasaka.” Cabilles added

Meanwhile, Department of Agriculture—Regional Field Office III Regional Executive Director Andrew B. Villacorta, DVM, CESO III, expressed his gratitude for the achievement the regional department has accomplished and challenged employees to raise the number of winners next year.

This year's winners each received cash awards ranging from P50,000 to 450,000 and project grants ranging from P150,000 to P900,000.

AFC's sa Rehiyon, handa na sa ASEAN Integration



Bilang paghahanda sa Association of South East Asian Nation (ASEAN) Integration sa 2015, idinaos ang Agriculture and Fishery Council (AFC) Economic Convention noong ika-14 ng Oktubre sa Heroes Hall sa Lungsod ng San Fernando, Pampanga, na dinaluhan ng mga AFC members mula sa iba't ibang probinsya sa Gitnang Luzon. Naging pangunahing tagapagsalita sa naturang pagtitipon si Director Noel de Luna, ang International Relations Division Chief ng Department of Agriculture (DA), na tinalakay ang kasalukuyang estado ng ASEAN Economic Community (AEC) Commitment ng bansa.

Ayon kay Dir. de Luna, pangunahing layunin ng ASEAN Integration sa 2015 ang pagkakaroon ng single-market and production base, at ito ay maisasagawa umano sa pamamagitan ng pagbabawas o ganap na pagtatanggal ng mga taripa upang maging malaya at maluwag ang import-export transactions sa pagitan ng mga bansang kasapi ng ASEAN. Dagdag pa ni Dir. de Luna, walang dapat ipangamba ang mga Pilipinong magsasaka sa pagkawala ng mga taripa dahil hindi ito magiging sanhi ng pagbugso sa Pilipinas ng mga mas murang produkto mula sa ibang bansa. Sa katunayan, aniya, noong 2010 pa ipinatupad ang tariff

restrictions and reductions bilang paghahanda sa ASEAN Integration, at base sa datos ng DA, hindi ito nagbunsod ng pagtaas sa pag-angkat ng mga agricultural commodities.

"Walang katotohanan na kapag tinanggal ang taripa ay babahain na tayo ng mas murang produkto mula sa ibang bansa," sabi ni Dir. de Luna. "Huwag tayong panghinaan ng loob. Dapat nating isipin na sa pamamagitan ng ASEAN Integration, magkakaroon tayo ng mas malaking merkado para ibenta ang ating mga produkto. Kung malaya silang pumasok sa atin, malaya rin tayong pumasok at magbenta sa kanila."

Dumalo rin sa economic convention si

Grand Organic Week, naging matagumpay

Bilang bahagi ng pagpapaligid ng industriya ng organikong pagsasaka, pinasinayaan na ang Mushroom Technology and Development Center at ang Organic Agriculture Center sa Central Luzon Integrated Agricultural Research Center sa Tarlac City noong ika-9 ng Disyembre, kaalinsabay ng pagdiriwang ng kauna-unahan at

Agricultural Research Director Nicomedes Eleazar, kasama ang mga opisyal ng DA-RFO3 sa pangunguna naman ni

Center at ang Organic Agriculture Center upang maipakilala ang iba't ibang organikong produkto ng Gitnang Luzon.



Bukod sa pagpapasinaya sa dalawang gusali, isinagawa rin ang groundbreaking ceremony para sa Organic Agriculture Research and Development Center na itatayo din sa CLIARC, kung saan nagbigay

matagumpay na Grand Organic Week sa rehiyon, sa pangunguna ng Organic Agriculture Program ng DA-RFO 3. Naging pangunahing panauhin sa naturang pagdiriwang si Bureau of

Regional Executive Director Dr. Andrew B. Villacorta.

Ayon kay Director Eleazar, ang pagpapatayo ng mga research and development facilities tulad ng Mushroom Technology and Development Center at ang Organic Agriculture Center ay bahagi ng mga proyekto sa ilalim ng National Organic Agriculture Program ng Kagawaran na naglalayong pag-ibayuhin at palaganapin ang organikong paraan ng pagsasaka. "Aking ikinatutuwa ang pagtatayo ng dalawang establisiyementong ito, dahil well-situated ang mga ito dito sa Central Luzon. Hindi maikakaila ang Central Luzon ang isa sa mga rehiyong nangunguna pagdating sa organikong pagsasaka at sa mushroom production," dagdag pa ng BAR Director. Para naman kay RED Villacorta, malaking tulong ang pagkakaroon Mushroom Technology and Development

ang BAR, sa pangunguna ni Director Eleazar ng 4 million pesos bilang pondo para sa pagpapatayo at papasaayos ng gusali. Ang Organic Agriculture Research and Development Center ang magiging sentro ng pananaliksik at pag-aaral hinggil sa iba't ibang teknolohiya ng organikong pagsasaka.

Tumakbo ang kauna-unahang Grand Organic Week mula ika-siyam hanggang ika-labingisa ng Disyembre, at nagdaos ang OAP ng iba't ibang aktibidades tulad ng Jingle-Making Contest, Technology Forum, Organic Exhibit, at Quiz Bee. Idinaos ang Grand Organic Week upang mapagsama-sama ang iba't ibang organic agriculture stakeholders sa rehiyon at bigyang-pansin at pag-usapan ang mga kaalaman at kasanayan na may kinalaman sa organikong pagsasaka.

National Rice Awareness Month, ipinagdiwang

Sa pangunguna ng Kagawaran ng Pagsasaka, ginunita ng buong bansa ang National Rice Awareness Month noong buong buwan ng Nobyembre sa ilalim ng temang “Be RICEponsible”. Sa isinagawang kick-off ceremony noong ika-3 ng Nobyembre na pinangunahan ni Agriculture Secretary Proceso Alcala, sabayang binigkas ng mga empleyado ng Kagawaran ang Panatang Makapalay bilang pagpapaalala sa publiko ng kahalagan ng bigas sa buhay ng bawat Pilipino.

Kasabay ng paglulunsad ng National Rice Awareness Month, hinikayat ni Secretary Alcala ang publiko na tangkilikin at kainin ang iba't ibang mga staple foods ng bansa tulad ng mais, kamote, saging at cassava, at subukan ding kumain ng pinawa o brown rice. Ayon sa pag-aaral ng mga eksperto, ang pagkain ng pinawa ay nakakatulong sa pag-iwas sa iba't ibang mga cardiovascular diseases tulad ng

hypertension, heart diseases, hypercholesterolemia, at stroke. Bukod dito, ang paghalo ng corn grits sa sinaing na kain ay mas masustansya dahil nakapagbibigay ito ng mas maraming dietary fiber, potassium, Vitamin A, B6 at C, kumpara sa regular na sinaing.

Kaugnay nito, naglunsad naman ang Philippine Rice Research Institute o PhilRice ng iba't ibang aktibidad upang maging mas malay ang publiko sa kahalagahan ng bigas. Idiniaos ng ahensya noong ika-14 ng Nobyembre ang Brown Rice Day at ang Rice Mix Day noon namang ika-21 ng Nobyembre. Kinapalooban ang mga kaganapang ito ng mga exhibits at mga cooking contests gamit ang bigas at pinawa bilang mga pangunahing sangkap. Bukod dito, inilunsad din ng PhilRice ang Run4Riceponsibility bilang paghihikayat sa publiko ng pagkain nang tamang dami ng kanin at pagkakaroon ng malusog na pamumuhay.

Bilang pakikibahagi sa pagdiriwang ng National Rice Awareness Month, naglabas ang Department of Education o DepEd ng isang memorandum na nagmandato sa bawat pribado at pampublikong paaralan sa bansa na makiisa sa adhikain ng Kagawaran ng Pagsasaka kaugnay sa kahalagahan ng pagtitipid ng bigas. Nakasaad sa nilagdaan memorandum ni DepED Secretary Armin Luistro ang paglulunsad ng iba't ibang mga akitibidad na magpapakita sa importansya ng pagiging rice-ponsible ng bawat Pilipino at ang pagbigkas ng Panatang Makapalay sa paaralang tuwing flag-raising ceremony para sa buong buwan ng Nobyembre.

Taong 2004 nang simulan ang paggunita ng National Rice Awareness Month, matapos lagdaan ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang Proclamation No. 524 na nagtatalaga sa Nobyembre bilang National Rice Awareness Month.

Radio program ng DA-RFO 3, wagi sa Binhi Awards

Itinanghal na Best Agricultural Radio Program ang Agripinoy: Bagong Sigla sa Agrikultura, ang opisyal na programa sa radyo ng Department of Agriculture – Regional Field Office 3 sa 2014 Binhi Awards for Agriculture Journalism na isang timpalak na pinangungunahan ng Philippine Agricultural Journalists Incorporated o PAJ.

Ayon kay Noel Reyes, vice president ng PAJ, may mahigit isangdaang kalahok mula sa iba't ibang bahagi ng bansa ang nagbigay ng kani-kanilang mga entry para sa labing-apat na kategorya ng Binhi Awards. At isa sa mga kinilala dito ay ang Agripinoy: Bagong Sigla sa Agrikultura. July 2 ng taong 2013 unang sumahimpapawid ang Agripinoy: Bagong Sigla sa Agrikultura na tumatalakay sa mga usaping agrikultura at naghahatid ng mga mahahalagang impormasyon para sa mga magsasaka tulad ng mga bagong teknolohiya at kasanayan sa pagsasaka. At makalipas ang halos isang daang episodes, patuloy pa rin ang programa sa pagbibigay-serbisyo at paggabay sa mga magsasaka. May pitong bahagi ang programa. Kabilang dito ang Agripinoy Asenso ay Tuloy-tuloy, kung saan tinatalakay ang mga

programa ng Kagawaran ng Pagsasaka sa Gitnang Luzon kasama na rin ang mga accomplishments at kasalukuyang ginagawa ng Kagawaran upang mapalakas ang industriya ng pagsasaka sa mga probinsiya ng rehiyon.



Ang Agripinoy Bida naman ay ang bahagi kung saan ibinibida ang mga matatagumpay na paglulunsad ng mga programa ng Kagawaran sa pagsasaka, paghahayupan, at pangisdaan. Sa bahagi na ring ito nakapaloob ang pakikipanayam sa mga matatagumpay na magsasaka ng Gitnang Luzon. Nakapaloob naman sa Agripinoy Good News ang mga magagandang balita at developmental news sa Kagawaran, national man o lokal na balita, habang sa Agripinoy On the Go naman ibinabahagi ang mga aktibidades ng Kagawaran, kasama na ang mga events at programs sa hinaharap. Nagbibigay naman ng mga nakakatuwa at kakaibang kaalamang pang-agrikultura

ang bahaging Kaalamang Agripinoy. Bukod dito, may Pricewatch Segment din ang programa kung saan ibinabahagi sa publiko ang updated na presyo ng mga bilihin sa ibat ibang pamilihan sa rehiyon. Kabahagi din sa programa ang Philippine Rice Research Institute kung saan kanilang ipinaparating sa mga tagapakinig ang mga napapanahong programa at teknolohiya sa pagpapalayan.

Ayon kay Felicito B. Espiritu Jr, Regional Information Officer at isa sa mga host ng programa, malaking karangalan ang nakamit na pagkilala ng Agripinoy: Bagong Sigla sa Agrikultura mula sa PAJ Binhi Awards. Aniya, maituturing na bonus na lang ang pagkakapanalo ng programa sa Binhi Awards dahil ang matugunan ang mga pangangailangan ng magsasaka at maihatid sa kanila ang mga mahahalagang impormasyon ang mga pangunahing misyon ng programa.

Taong 1978 sinumulan ng PAJ ang Binhi Awards upang bigyang parangal ang mga indibidwal at mga institusyon na nangunguna sa pagpapa-unlad ng sector ng agrikultura sa pamamagitan ng pamamahayag.

Extension support, education and training services, lalong pag-iibayuhin sa 2015

Bilang hakbang ng pamahalaan sa patuloy na pag-abot sa kasapatan ng pagkain sa bansa, lalo pang pag-iibayuhin ng Kagawaran ng Pagsasaka ang extension support at education and training services para sa mga magsasaka ngayong 2015, nang sa gayon ay kanilang mapagbuti ang kasanayan sa pagsasaka.

Ayon kay Agriculture Secretary Proceso Alcala, magtatalaga at magtatayo pa ang Kagawaran ng karagdagang farmer's field schools at mga techno-demo sites kung saan makakapulot ang mga magsasaka ng iba't ibang makabagong kaalaman. Dagdag pa ng Kalihim, magkakaroon din ng nationwide re-tooling ang mga agricultural extension workers upang kanilang magabayan nang husto ang mga magsasaka. "Habang lumilipas ang araw ay patuloy rin ang pagbabago ng panahon at ng teknolohiya. Kaya kinakailangang maging patuloy din ang pagsasanay ng ating mga AEWs nang sa gayon ay makasabay sila sa pagbabago at pag-unlad ng teknolohiya," ani ni Secretary Alcala.

Samantala, sa ipinasang 2015 budget ng Kagawaran, aabot

sa 3.86 bilyon ang ilalaan ng Kagawaran sa extension support, education and training services upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga magsasaka, pagdating sa askpektong kasanayan. Pagtutuunan din ng pansin ang information dissemination drive ng Kagawaran nang sa gayon ay maipaabot sa mga magsasaka, sa pamamagitan ng printed materials tulad ng brochures at fliers, at ng radio, television at internet broadcast, ang mga napapanahong serbisyo at programa ng Kagawaran.

Bukod sa extension support services, pagbubutihin din ng Kagawaran ang mga production-enhancing programs tulad ng Sikat-Saka. Mula sa P400 million na pondo noong 2014, itataas sa P1 billion ang pondong ilalaan ng



Kagawaran at ng Landbank of the Philippines sa Sikat-Saka Program. Kaya naman madaragdagan din ngayong taon ang mga probinsya na makikinabang sa naturang programa. Mula sa 25 na probinsya, aabot na sa 45 na probinsya sa buong bansa ang makakatanggap ng suporta mula sa Sikat-Saka program ng Kagawaran ngayong 2015. Kasabay nito ang pagpapatupad ng irrigation-based development and management approach ng Departamento.

Ipagpapatuloy din ngayong taon ang pagdadaos ng mga congresses at summits sa provincial, regional at national level.

Magiging prayoridad din ng Kagawaran ang pagbubuo ng mas maraming farm service providers o FSPs, nang sa gayon ay mas maraming mga samahan ng magsasaka ang makatangkilik sa Farm Mechanization Program ng Kagawaran. Ang Farm Mechanization Program ay naglalayong pababain ang production cost at postharvest losses, at mapataas ang kita ng mga magsasaka.

"Maaari ring makakuha ng grant ang mga grupo ng magsasaka sa pamamagitan ng fund counterparting scheme," ani ni Alcala.

Farmers benefit from 5.2 million FMR project in Nueva Ecija



Over 500 farmer beneficiaries in Brgy. Sto. Rosario, Brgy. General Luna and other neighboring barangays in Nueva Ecija benefitted from the opening of the 730 meters concrete farm-to-market road worth P5.2 million.

The project was made possible through the Bottom-Up Budgeting (BUB) program of the Department of Agriculture RFO III and has an influence area of 1,400 hectares of rice, corn and high value crops like onions, watermelon and pinakbet type of vegetables.

Emilita R. Flores, municipal agriculturist of Sto. Domingo said that going to the market would

cost farmers P15 per sack of crops and the grueling 30 minutes travel, while, the bringing in of inputs like fertilizer was yet another "expensive" story for them.

"Natatalo ang mga farmers sa presyo nila dahil mahal ang pagtratransport sa hauling palang lugit na sila tapos manghihiram pa sila ng "kariton" o tricycle," explained Flores

The FMR was implemented based on the specifications and standards set by the Department of Public Works and



Highways (DPWH)

"Malaki ang pasasalamat namin sa Department of Agriculture dahil nagkaroon ng project (BUB), malaking tulong sa mga magsasaka nakapagpagawa kami ng farm-to-market

road kasi isayun sa kailangan ng mga magsasaka natin ngayon." said Flores

Meanwhile, 10 vermibeds with shed were also given to Brgy. Sto Domingo to be used for organic farming by different associations and cooperatives.

2014 Highlights



Para sa ikalawang pagkakaton, muling bumisita ang Kalihim sa Demo Farm ng DA-RFO 3 sa Gawad Kalinga Enchanted Farm sa Angat, Bulacan.



Noong ika-26 ng Mayo, nagdaos ang DA-RFO 3 ng isang munting pagdiriwang at salu-salo bilang pagpupugay sa mga retiradong empleyado ng ahensya.



Isa sa mga pinakamahahalagang nangyari noong 2014 ay ang pagpapatupad ng Rationalization Plan, kung saan na-promote ang ilang mga permanenteng empleyado at na-regular ang ilang mga contractuals.



Idinaos ng DA-RFO 3 ang Team Building ng opisina sa Bakasyonan Beach Resort sa Iba, Zambales noong ika-16 hanggang 17 ng Mayo.



NEWS



BAGONG SIGLA SA AGRIKULTURA

RW 95.1 FM
Keni na Ka!

DEPARTMENT OF AGRICULTURE


RADIO PROGRAM

SABADO 10-11:30 a.m.
SAN FERNANDO, PAMPANGA

ONLINE STREAMING:
www.rw95.1fm



FEATURE



Ngayong 2015 ganap na ipapatupad ang ASEAN Economic Integration. At sinasabing ang sektor ng agrikultura ang isa sa apektado nito, dahil ang Integration na ito ang magiging dahilan ng pagkakaroon ng mga bansang kasapi ng ASEAN tulad ng Pilipinas, Tsina at Vietnam ng tinatawag na single market and production base, bunsod ng ipapatupad na malayang pagdaloy ng mga kalakal. Marahil maraming Pilipino, partikular na ang mga magsasaka, ang nangangamba sa nakaambang integrasyon na ito, dahil diumano'y makakaapekto raw ito sa kanilang kita. Ngunit walang dapat ikatakot ang mga magsasaka dahil naglatag ang Kagawaran ng Pagsasaka ng iba't ibang mga programang tutulong upang maging handa at maalam ang mga magsasaka pagdating ng ASEAN Economic Integration. At isa na dito ang Farm Mechanization Program na naglalayong pababain ang production cost at postharvest losses, at pataasin naman ang kita ng mga magsasaka sa pamamagitan ng paggamit ng mga makinarya sa bukid. Ayon sa pag-aaral ng Philippine Center for

Postharvest Development and Mechnization o PhilMech, nasa 2.5 horsepower per hectare ang mechanization level para sa rice farming, at nasa 1.23 horsepower per hectare naman para sa lahat ng commodity. At ayon sa Kagawaran, nilalayong itaas ang mechanization level ng rice farming sa 4 hp/ha at 2.3hp/ha para sa lahat ng commodity sa darating na 2016, dahil naniniwala ang Kagawaran na ang pagkakaroon ng mataas na mechanization level ay makakatulong upang maging mas handa ang sektor ng agrikultura para sa ASEAN Economic Integration.

Kaya naman isinabatas ng gobyerno ang Republic Act 10601, na kilala rin bilang Agricultural and Fisheries Mechnization o AFMECH Law noong June 2013 upang palakasin ang mekanisasyong pang-agrikultura, nang sa gayon

ay mapabilis ang gawaing pambukid, maabot ang kasapatan sa pagkain, at higit sa lahat ay maitaas ang kita ng magsasaka. May tatlong mahalagang puntos ang nakapaloob sa AFMECH Law. Una na rito ay ang pagrerehistro sa mga makinaryang pambukid.

Sa pamamagitan nito ay magkakaroon na ng ligal na papeles o dokumento ang mga makinarya na siyang magiging katunayan ng pag-aari ng mga magsasaka. Ito ay magagamit sa pagkakakilanlan ng makina na nawala o ninakaw, at pwede rin maging kolateral kung utang sa isang kooperatiba o bangko. Sa madaling sabi, sa pamamagitan ng pagrerehistro ay magkakaroon ng halaga o value ang makinaryang pambukid. Nakapaloob din sa AFMECH Law ang pagtatayo ng Agricultural and Fishery Machinery and Equipment Service Center o AFMESC sa bawat rehiyon sa bansa. Layon ng AFMESC ang makapagbigay ng kumpletong serbisyo sa pangangailangan ng mga magsasaka. Bukod sa mga makinaryang maaaring gamitin sa paghahanda sa bukid, sa pagtatanim at pag-aani ng palay, ang isang AFMESC ay puwede maging isang merkado ng



mga miyembro ng kumite na bumuo at nagbalangkas ng RA 10601, ang AFMECH Law ay isang magandang paraan upang maging handa ang mga magsasaka at ganap na makisabay sa ASEAN Integration. “Aking hinihikayat ang ating mga magsasaka na pagtulung-tulungan nating palakasin ang sektor ng agrikultura sa ating bansa. Kaya naman natin ito. Lalo

iba't ibang farm inputs, tulad ng abono at krudo, nang maramihan ang benta sa murang halaga para sa mga magsasaka, nang sa gayon ay maibaba ang production cost. Sa pamamagitan din ng AFMECH ay matutulungang sugpuin ang mga tiwaling traders at middlemen. Ang mga mapagsamantalang traders at middlemen ang mga pangunahing dahilan ng pagkakaroon ng manipulasyon sa presyo ng mga ani. Sila rin ang dahilan kung bakit nagkakaroon ng problema sa supply and demand chain ng sektor ng agrikultura. Sa pamamagitan ng mga AFMECH, maaari nang ipanatag ng mga magsasaka ang kanilang sarili dahil mababantayan nito ang sektor mula sa

masasamang elemento. At panghuli, nakapaloob din sa AFMECH Law ang Contiguous Farming. Ito ay ang pagsasama-sama ng mga magkakatabing bukid, lalo na ng mga palayan, upang makamit ang tinatawag na economy of scale, nang sa gayon ay mabawasan din ang gastos sa paghahanda ng lupa at pagpapa-ani. Ayon kay Engineer Jesus Simon na isa sa

pa at handang sumuporta ang Kagawaran ng Pagsasaka, tulad na lang ng paglalagat ng mga programa at batas gaya ng AFMECH Law,” ani ni Engr. Simon. “Kinakailangan lamang na makiisa sa gobyerno ang mga magsasaka upang maging mas madali ang pagharap sa hamon na dala ng ASEAN Integration.”



Ang bagong bigas



lang kilo o takal ba ng bigas ang iyong nakokonsumo bawat araw? Sapat na nga ba ang ani ng ating mga magsasaka upang mapunan ang ating pangangailangan sa bigas? Sa patuloy na paglobo ng populasyon ng ating bansa ay siya namang pagliit ng ating mga sakahan lalong lalo na sa bigas. Sa pagkakaroon ng kakulangan o kakapusan sa bigas ay may iba't ibang proyektong inilulunsad ang Kagawaran ng Agrikultura katuwang ang Kawanihan ng Pananaliksik sa Agrikultura upang patuloy na malamnan ang ating mga tiyan; isa na riyan ang pagpapalaganap ng Adlai. Marami sa atin ang hindi familiar sa halamang ito. Ano nga ba ang Adlai?

Ang Adlai o Job's tears sa Ingles, Coix Lacryma sa siyentipikong termino ay nabibilang sa pamilya ng mga Damo kahanay ang palay,

mais at sorgum. Ito ay lumalaki ng halos apat hanggang anim na talampakan at namumunga apat hanggang anim na buwan. Ang mga dahon nito ay maihalintulad sa dahon ng sorgum o mais. Ang bunga ng adlai ay mas malaki sa butil ng palay at mas maliit naman

sa butil ng mais. Sa ngayon, meron tayong iba't ibang uri ng adlai na sumasailalim sa pag aaral, ang Pulot, Tapol, Ginampay at Gulian. Ang pag aaral ay naglalayon upang paigtingin ang pagpapalaganap ng Adlai sa pamamagitan ng Adaptability Trial sa mga estasyon ng DA maging sa mga piling bukid ng ating mga magsasaka na nagnanais makiisa sa proyekto. Sa ngayon, pinag-aaralan kung papaano ito tatangkilikin at m a k a k a g a w a ng pangalan sa merkado.

Ang ibang parte ng halaman

tulad dahon at tangkay ay maaari ring gamitin bilang pagkain para sa mga hayop dahil sapat din ang taglay nitong protina. Tulad ng bigas, ang adlai ay ginagamit din sa paggawa ng iba't ibang kakainin at pagkain. Ang Adlai ay ginagamit upang maiwasan kundi man malunasan ang iba't ibang karamdaman tulad ng abscess, anodyne, anthrax, appendicitis, arthritis, beriberi, bronchitis, catarrh, diabetes, dysentery, dysuria, edema, fever, goiter, halitosis, headache, hydrothorax, metroxenia, phthisis, pleurisy, pneumonia, puerperium, rheumatism, small-pox, splenitis, strangury, tenesmus and worms. Ito rin daw ay maring makatulong sa pagiwas sa cancer ayon sa mga pag aaral.

Pagdating sa produksyon, ang mga rehiyon sa Mindanao ang nagtatala ng mataas na ani, sumunod ang Visayas at ang Luzon.



Magpapalalay sa Nueva Ecija, wagi sa Gawad Saka

Bago pa man nagsaka at humawak ng araro si Ka Gerardo Esteban ng Laur, Nueva Ecija, manubela muna ng pampasaherong jeep ang hinawakan niya at namasada sa Kalakhang Maynila. Gigising siya ng madaling-araw at maghapon nang babagtasin ang ruta niyang Cubao-Quiapo hanggang sa sumapit ang gabi, o hanggang sa makalikom na siya ng pang-boundary. Sa pamamasada itinuon ni Ka Gerry ang kanyang buhay sa loob ng apat na taon. At sa kanyang kita niya sa pamamasada ng kanyang panggastos sa pang-araw-araw at sa pag-aaral.

Pero hindi nagtagal, napagtanto ni Ka Gerry na bagama't sumasapat ang kanyang kinikita ay tila ba hindi siya kuntento at masaya sa kanyang ginagawa. Kaya pinili niya na umuwi ng Laur upang gawin at tuparin ang kanyang pangarap: ang magsaka. At makalipas ang mahigit apat na dekada sa bukid, tunay ngang masasabing malayo na ang narating ng biyahe ng pagsasaka ni Ka Gerry, matapos na ideklara siyang National Winner ng Gawad Saka para sa kategoryang Outstanding Integrated Rice Farmer.

“Sa totoo lang, hindi ko mailapat sa salita ang nararamdaman kong saya,” sabi ni Ka Gerry matapos malaman ang anunsyo ng Kagawaran ng Pagsasaka na siya ang itinanghal na National Outstanding Integrated Rice Farmer. “Para akong lumulutang sa ulap sa sobrang saya.”

Ayon kay Ka Gerry, wala sa hinagap niya na kikilalanin siya ng buong bansa bilang isang natatanging magsasaka. “Di ko inaasahan na aabot sa ganito ang lahat. Mula pa man noon, ang gusto ko lamang talaga ay ang magsaka at umani nang marami para marami rin akong maihahain sa mesa namin. Simple lang naman talaga ang gusto ko. Kumbaga, bonus na lang itong Gawad Saka Award na ito.

Si Ka Gerry ang kauna-unahang taga-Gitnang Luzon na kinilala bilang Outstanding Integrated Rice Farmer. Pangunahing naging

dahilan sa kanyang pagkakahirang ay ang nagawa niyang pagpapa-unlad sa limang ektarya niyang bukirin. Mula noong 2012 hanggang 2013, kumita siya ng P1,241,644 mula sa kanya mga inaning palay. At pinatunayan naman niya ang pagiging integrated ng kanyang bukirin sa pamamagitan ng pagkakaroon ng P24,534 na kita mula sa kanyang talong, P51,585 naman mula sa ampalaya, P31,045 mula sa kamatis, P92,464 mula sa sibuyas, P32,261 mula sa sili at P150,500 naman mula sa tanim niyang mangga. Bukod dito, kumita rin siya ng P260,800 mula sa mga alaga niyang hayop.

At dahil sa kanyang pagkakapanalo at pagbibigay-karangalan sa rehiyon, ipinagkalooban si Ka Gerry ng isang traktor mula sa Regional Field Office 3, na kanyang magagamit sa pagpapa-unlad ng kanyang bukid, at kanyang maipapahiram sa mga kapwa-magsasaka sa kanilang bayan. Nang tanungin kung ano ang kinakailangang gawin ng mga kapwa-magsasaka

upang makamit din nila ang tagumpay na nakamit niya, tatlong bagay ang ipinayo ni Ka Gerry: lakasan ang loob, dagdagan ang tiyaga at sipag, at magkaroon ng magandang ugnayan sa mga agricultural extension workers nang sa gayon ay maging maalam sa mga proyekto at teknolohiya ng Kagawaran ng Pagsasaka.

“Masarap manalo ng mga ganitong parangal dahil malalaman mong nabibigyan ng halaga ang ginagawa mong trabaho. Pero mas masarap pa rin kaysa dito ang pagkakaroon ng maraming ani dahil may maipapakain ka sa pamilya mo at alam mong nakakatulong ka sa pagkakaroon ng sapat na pagkain sa bansa,” sabi ni Ka Gerry. “Napakalaking karangalan na ako ang kauna-unahang rice farmer sa rehiyon na nanalo sa Gawad Saka. Ang sarap isipin na bukod sa nabigyan ko ng karangalan ang pamilya ko, nabigyan ko rin ng karangalan ang buong rehiyon at pinatunayan na ang Gitnang Luzon ang tunay at nag-iisang Rice Granary ng Pilipinas.”



Mushroom production as aid to earthquake victims

As assistance to the victims of the earthquake that shook Bohol and other parts of Visayas and Mindanao last 2013, the Department of Agriculture Regional Field Office III conducted mushroom production trainings on several parts of Bohol.

Headed by Ms. Emily A. Soriano, National Technical and Enterprise Development Coordinator of the Community-Based Mushroom Production Project, and through the coordination of Ms. Wilfreda C. Malayao and Mr. Windel N. Malaran of the Bohol Agricultural Promotion Center (BAPC), a hands-on training was administered to the residents of Valladolid at the municipality of Loboc, Bohol last August 27, 2014.

With the supervision of Mr. Adolfo R. Varquez of

the local government unit of Loboc and Mr. Pedro Acuña, Kagawad for Agriculture of Valladolid, participants were trained from bagging, sterilization of fruiting bags to inoculation.

"We know that many of you had a really hard time recovering from the earthquake that struck your area and part of the commitment of the Department of Agriculture is to help you recover by providing a livelihood program through mushroom production," said Soriano to the residents of Valladolid at the opening program of the training.



She said that they promote mushroom production through the use of agricultural wastes. These include rice straw, saw dust, rice bran, dried leaves, and similar organic matter.

Soriano added that the purpose of the training is for mushroom as source of food and later on as an income generating project for the residents.

Monitoring of mushroom production expansion projects was also conducted on Poblacion and Tinibgan on the town of Maribojoc, Villa Aurora in Antequera, and Sta. Cruz in Sierra Bullones. Residents of Poblacion and Tinibgan are assisted by Mr. Oscar S. Ong, Municipal Technician of Maribojoc. "The money generated on producing mushrooms is being saved for future use on buying materials for inputs and being loaned to the members," said Ong. The United Nations Development Program (UNDP) also assists the residents on the

establishment of the mushroom production project. Ong added, "We also asked for funding to UNDP for our homeyard gardening. They gave us inputs like garden tools, vegetable seeds, and fertilizers."

On the other hand, discussions between Soriano's team and residents of Antequera and Sierra Bullones on how to improve their harvest on

mushroom fruits.

A 7.1 magnitude earthquake shook Bohol and other part of Visayas and Mindanao early morning of October 15, 2013, leaving massive damage to properties and even to Bohol's century-old churches and world-famous tourist destinations, thus, affecting the livelihood of Boholanos.

TECHNOLOGY



Pag-aalaga ng

Patola

(*Cucumis acutangulus*)

Dalawang uri ng patola ang itinatanim sa Pilipinas. May patolang makinis ang balat (*Luffa cylindrica*) at may patolang may mga kanto ang balat (*Luffa acutangola*). Kapamilya ng patola ang mga cucurbitacea gaya ng pipino. Ang patola ay isang taunang halamang nagbabaging. Ang bulaklak ng lalaking patola ay kumpol at ang bulaklak naman ng babae ay isahan. Ang mga bulaklak na natatagpuan sa ibabang bahagi ng halaman ay karaniwang lalake, na susundan naman ng mga bulaklak na may lalake at babae sa bandang gitna, na magtatapos sa babaeng bulaklak sa pinakadulo ng baging.

Ang mga magulang at natuyong patola ay napapalibutan ng matigas na balat. Maraming mga cellulose fibers ang patola na nagsisilbing proteksiyon ng mga butong nakapaloob dito. Tinatawag din itong luffa na ang pangunahing gamit ay bilang panghilod dahil nakapag-aalis ng patay na balat.

Lupa at klimang kailangan

Angkop ang patola sa klima sa Pilipinas. Tumutubo ito sa buong taon. Ngunit upang maganda ang ani ng patola, kailangan nito ang lupang medyo buhaghag at mayaman sa organikong sustansiya. Maitatanim ang patola sa mga lugar na sahod ulan o may patubig ngunit ipinapayong itanim sa mga lugar na madaling patuyuan. Ang pinakamagandang mga buwan ng pagtatanim ay mula Hunyo

hanggang Septiyembre at mula Pebrero hanggang Mayo kung mayroon din lang pagkukuhanan ng sapat na tubig.

Paraan ng pag-aalaga.

Pagpili ng mga barayeti

Gaya ng nabanggit sa una, dalawang uri ng patola ang naitanim dito sa Pilipinas. Makabubuti rin na obserbahan muna sa inyong lugar ang mga barayeti ng patola na angkop na sa klima at kundisyon sa inyong lugar. May mga rekomendadong binhi ang BPI, ilang mga pribadong kumpanya na nagpapalabas na ng mga hybrid na barayeti na napakalakas umani at matibay pa sa sakit.

Paghahanda ng lupa

Ihanda ng maaga ang lupa upang bigyan ng panahon ang mga damo na mabulukan ng husto. Araruhin at paragusin ang lupang pagtataniman ng 2 hanggang 3 beses sa pagitan ng isang linggo. Araruhin ang lupa sa ilalim sa 15 hanggang 20 sentimetro ang lalim. Paragusin ng makalawa upang madurog ang lupa at mapatag ang bukid. Ang buhaghag na lupang pagtataniman ay nakatutulong sa aeration at pag-uugat ng halaman.

Pagbabalag

Maglagay ng balag upang maging maganda ang bunga. Kailangan ang balag lalo na sa tag-ulan upang maiwasan ang nabubulok na bunga at hindi magandang anyo. Gumawa ng balag na may pagitan ng 2-3 metrong ang pagitan at 2 metrong taas. Gumamit ng mga posteng ipil o kawayan. Lagyan ng alambre at plastic na panali ang pagitan na pahalang at paayon. Lagyan ng balag na parang hagdan ang bawat puno ng patola na paggapangan ng halaman.

Paghahanda sa binhi at pamumunla

Ibadang mga buto ng magdamag upang magsimulang tumubo. Sa tag-araw, magtanim ng 1 hanggang 2 buto bawat tundos na may agwat na 2.5 metro sa pagitan ng mga tanim. Ipinapayo na gumamit ng plastic mulch upang tumagal ang halumigmig sa lupa at maiwasan ang pagtubo ng mga damo.

Pagbabawas at paghuhulip

Tanggalin ang mga namatay o hindi nagtuloy na tundos at hayaan lamang ang isang malusog na tanim ang pagtuluyin. Hulipan ang mga tanim pag namatay ang halaman.



Pag-giya sa baging

Habang lumalaki ang patola, patulayin ito sa parang hagdan na balag hanggang sa umabot ang baging sa dulo. Ang paggigiya sa baging ay ginagawa ng linggohan.

Paglagay ng Abono

Upang matiyak ang magandang ani, ipasuri muna ang lupa sa pinakamalapit na laboratoryo ng DA o BSWM. Kung hindi naman naalisa ang lupa, gumamit ng 1 kutsarang triple 14 bawat puno kung may 2-3 dahon na ang patola. Magbasal din ng 30 bag na organic fertilizer bago magtanim. Sa side dressing, mga 28 araw pagkatubo, gumamit ng Urea na 1 kutsara bawat puno at gayon din karaming triple 14. Sa 56, 70, at 84 na araw maglagay ng 4 na kutsarang Urea at 4 na kutsarang triple 14 sa bawat puno ng halaman.

Patubig

Patubigan ang taniman ng patola 2 linggo makatanim. Ulitin ang pagpapatubig bawat lingo kung walang ulan.

Pagdadamo

Kung walang plastic mulch magdamo bawat 14 na araw. Ingatan lang na huwag magalaw o masira ang ugat ng patola. Kung nalililiman na ang taniman, hindi na makatutubo ang mga damo.

Pamamahala sa Peste

Ang istratahiya sa pamamahala ng patola laban sa kulisap at sakit ay depende na rin sa tindi ng pag-atake sa mga halaman. Mag-isprey ng mga Blue label pesticides kung kailangan. Maresistensiya ang patola laban sa mga kulisap. Ang pangunahing kalaban nito ay ang fruitfly sa mga kulisap at Downy Mildew sa sakit. Pagsamahin ang pestisidyo at fungicide upang maiwasan ang mga ito kung nakakita ng paninira ng mga ito.

Pag-aani

Limang araw pagkaraang lumabas ang mga bunga, anihin ang mga murang patola. Ilagay sa plastic na lalagyan na may timbang na 10 kilo bawat isa. Ipinapayong mag-ani sa medaling araw o bandang takip-silim upang maiwasang malanta ang mga gulay.



2014 National Gawad Saka Winners

CALENDAR 2015

JANUARY

S	M	T	W	T	F	S
				1	2	3
4	5	6	7	8	9	10
11	12	13	14	15	16	17
18	19	20	21	22	23	24
25	26	27	28	29	30	31

FEBRUARY

S	M	T	W	T	F	S
1	2	3	4	5	6	7
8	9	10	11	12	13	14
15	16	17	18	19	20	21
22	23	24	25	26	27	28

MARCH

S	M	T	W	T	F	S
1	2	3	4	5	6	7
8	9	10	11	12	13	14
15	16	17	18	19	20	21
22	23	24	25	26	27	28
29	30	31				

APRIL

S	M	T	W	T	F	S
			1	2	3	4
5	6	7	8	9	10	11
12	13	14	15	16	17	18
19	20	21	22	23	24	25
26	27	28	29	30		

MAY

S	M	T	W	T	F	S
					1	2
3	4	5	6	7	8	9
10	11	12	13	14	15	16
17	18	19	20	21	22	23
24	25	26	27	28	29	30
31						

JUNE

S	M	T	W	T	F	S
	1	2	3	4	5	6
7	8	9	10	11	12	13
14	15	16	17	18	19	20
21	22	23	24	25	26	27
28	29	30				

JULY

S	M	T	W	T	F	S
			1	2	3	4
5	6	7	8	9	10	11
12	13	14	15	16	17	18
19	20	21	22	23	24	25
26	27	28	29	30	31	

AUGUST

S	M	T	W	T	F	S
						1
2	3	4	5	6	7	8
9	10	11	12	13	14	15
16	17	18	19	20	21	22
23	24	25	26	27	28	29
30	31					

SEPTEMBER

S	M	T	W	T	F	S
		1	2	3	4	5
6	7	8	9	10	11	12
13	14	15	16	17	18	19
20	21	22	23	24	25	26
27	28	29	30			

OCTOBER

S	M	T	W	T	F	S
				1	2	3
4	5	6	7	8	9	10
11	12	13	14	15	16	17
18	19	20	21	22	23	24
25	26	27	28	29	30	31

NOVEMBER

S	M	T	W	T	F	S
1	2	3	4	5	6	7
8	9	10	11	12	13	14
15	16	17	18	19	20	21
22	23	24	25	26	27	28
29	30					

DECEMBER

S	M	T	W	T	F	S
		1	2	3	4	5
6	7	8	9	10	11	12
13	14	15	16	17	18	19
20	21	22	23	24	25	26
27	28	29	30	31		